**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s SPEECH AT THE INAUGURAL CASH GIFT DISTRIBUTION TO THE QUALIFIED BENEFICIARIES OF THE EXPANDED CENTENARIANS ACT OF 2024**
Heroes Hall, Malacañan Palace
February 26, 2025

[00:00:00]
Maraming salamat sa ating Executive Secretary Chief Luc Bersamin.

Please, magsi-upo po tayo.

Ang ating mga author dito sa batas na ito, ang ating mga butihing legislator: Senator Imee Marcos, [applause] at saka si Senator Bong Revilla. [applause]

The United Senior Citizens Party-list Representative Milagros Aquino-Magsaysay; [applause] Senior Citizens Party-list Representative Rodolfo Ordanes; [applause] the National Commission of Senior Citizens Officer-in-Charge and Commissioner Dr. Mary Jean Loreche and other NCSC officials. [applause] And, of course, the most important people here today, are, of course, those who have received and have now become the beneficiaries – but they are not important because they are beneficiaries of this program. They are important because they are our guiding lights, they are our mentors, they are our supporters, they are the ones who brought us into and to understand how to deal with the world and how to deal with life, and for that, we will all be eternally grateful, our beneficiaries of the Centenarians Act; [applause] my fellow workers in government; ladies and gentlemen.

Magandang umaga po sa inyong lahat at mainit na pagtanggap dito sa Malacañang!

[00:01:50]
Isang napakahalaga at espesyal ang pagtitipon ang araw na ito para sa ating mga senior citizen. Nakalagay sa speech "ating mga kapwa senior citizen." Hindi ko na binasa. [laughter] Ikinalulugod kong makasama ko kayo ngayon. Marami po sa inyo ang naipanganak o di naman kaya ay nasaksihan ang mga ilang mahahalagang yugto ng kasaysayan ng ating bansa.

Kasama natin ngayong araw si Nanay Generosa, Nanay Brigida at Nanay Hiwaga — na tumuntong po sa edad na isang daang taon. [applause] Pinanganak sila noong panahon na tayo ay nasa ilalim pa ng Amerikano. Hinarap nila ang mga hamon ng kawalan ng kalayaan, kinabukasan, o seguridad. Maituturing din natin silang mga survivor ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig dahil hindi lamang nila ito pinagdaanan, eh matagumpay po sila na nalagpasan.

Marami rin po sa inyo ang ipinanganak at lumaki habang ang bansa natin ay unti-unting naghihilom mula sa sugat na dulot ng digmaan. Naging saksi kayo sa tagumpay at pagsisikap ng maraming administrasyon na paunlarin ang ating bayan. Kaya, ang bawat linya sa inyong balat at bawat puting buhok ay bahagi ng hibla na naghahabi ng ating kasaysayan.

Mga kababayan, tayo po ay narito ngayon upang magbigay-pugay sa ating mga nakatatanda. Ngayon ang bilis na ng pagbabagong dulot ng teknolohiya, at lahat ay nagmamadaling makasabay sa agos ng panahon, huwag po nating makakalimutan ang ating mga nakatatanda. Ipadama natin ang ating pagmamahal at ipakita na ipinagmamalaki natin sila dahil sa kanilang mga naibahagi sa ating lipunan.

Noong nakaraang taon, nilagdaan po ng inyong lingkod ang Republic Act No. 11982 o iyong Expanded Centenarians Act of 2024. Sa ilalim ng batas na ito, ang mga senior citizens na umabot ng 80 years old, 85 years old, 90 years old, at 95 years old ay makakatanggap ng sampung libong piso, at tuloy pa rin ang handog ng pamahalaan na isang daang libong piso para sa ating centenarians o iyong mga umabot sa isangdaang taon. [applause]

Kaya sa araw na ito, ay ipapamahagi natin ang halagang ito sa ating mga nakatatanda sa atin hindi lang po rito sa Metro Manila kundi sa buong bansa. Pasimula lamang po ito, dahil patuloy po ang pagpapatupad ng batas na ito.

Ang hiling ko lang sa ating National Commission of Senior Citizens or NCSC, i-check ninyo nang maigi dahil... Ito ewan ko sa mga nakikita ko rito sa

BAGONG PILIPINAS

harapan ko ngayon hindi naman yata qualified itong mga ito dahil masyadong bata ang mga itsura ninyo. [laughter] Kaya't bantayan po ninyo nang mabuti na hindi tayo nagkakamali. Tulad na rin po kayo – baka magalit sa akin pero si Executive Secretary Chief Luc at saka si Manong Johnny Enrile.

[00:05:31]
Batid ko po na marami pang kailangang gawin, hindi lamang ang pamahalaan, kundi ang buong lipunan upang mas gawing siguro, ligtas, at maginhawa ang kalagayan ng ating mga nakatatanda.

Pitumput tatlong porsyento ng ating mga senior citizens ay umaasa pa rin sa suporta ng mga anak, at limamput limang porsyento ng kanilang gastusin sa kalusugan ay binabayaran mula sa sariling bulsa.

Ilan din ang nakakaranas ng kakulangan sa pangmatagalang pangangalaga. Marami ang nag-iisa sa bahay. May iba na ang pakiramdam nila ay wala na silang halaga sa pamilya at lipunan. Huwag niyo pong iisipin iyon. Mas malungkot, marami sa kanila ang nakaranas ng abuso pa.

Sa Bagong Pilipinas, hangad natin na mabuhay nang may ginhawa at dignidad ang ating mga matatanda. [applause]

Mga kababayan, hindi na dapat pinagdadaanan ng ating mga senior citizen ang ganitong mga problema sa yugtong ito sa kanilang buhay. They deserve nothing less than our love, our care, our protection, our respect, and our honor. Kaya gumagawa tayo ng mga hakbangin upang mas mapapabuti ang kalagayan ng ating mga senior citizens.

Sa ilalim ng Expanded Senior Citizens Act, ang mga senior citizens ay may karapatang makakuha ng five o 20 percent discount sa iba't ibang bagay [at] serbisyo. Kasama sa five percent senior discount ang tubig at kuryente—kung hindi hihigit sa 30 cubic meters ng tubig o 100 kilowatt hours ng kuryente ang konsumo.

Makakakuha naman ng 20 percent discount ang ating senior citizens sa transportasyon, sa gamot, sa serbisyong pangkalusugan, at maging sa paglilibang.

Ang gamot po marami na po tayong tinanggal at binabaan natin iyong presyuhan upang makaya namang maabot ng ating mga senior citizen. Ang batas din na ito ay nagbibigay ng libreng pangangalaga sa kalusugan ng ating mga seniors sa mga government health facilities at iba pa.

Mayroon din tayong Social Pension for Indigent Senior Citizens, na kung saan nakakatanggap ang mga qualified senior citizens ng isang libong piso na buwanang pensyon. May mga Residential Care Facilities na pinamamahalaan ng DSWD para sa edad na 60 at pataas upang maalagaan ang mga iniwan at napabayaang senior citizens.

Bukod pa rito, ang NCSC ay patuloy na nagbibigay ng mga programa at serbisyo na tumutugon sa pangangailangan ng ating mga nakatatandang mamamayan. Nawa'y sa pamamagitan ng mga programa ito at serbisyong ito ng gobyerno, makapaglaan sila ng mas marami pang panahon para sa kanilang mga minamahal sa buhay.

Naniniwala ako na ang kinakatawan ng ating mga nakatatanda ay pagiging isang Bagong [Pilipino] na may disiplina, kahusayan, at pagmamahal sa bansa. Narito tayo ngayon dahil ipinapakita natin ang mga katangiang ito na nagdala sa kanila sa kasalukuyan.

Sa mga pamilya ng ating mga nakakatanda: ipagdiwang ninyo ang bawat sandali na kapiling sila. Ipakita ninyo ang malasakit dahil darating ang panahon na kayo din ang maghahanap ng respeto at kalinga mula sa inyong anak o apo.

Para sa ating mga kabataan: kayo ang mag-aaruga, magpapatuloy sa mga kaalamang itinuro ng mga nauna sa atin. Gamitin ninyo ito upang makapagbuo ng mas maliwanag na kinabukasan.

Sa ating mga seniors, nawa'y magkaroon kayo ng marami pang panahon na kagalakan kasama ang inyong mga minamahal sa buhay. Hiling ko rin na magkaroon po kayo ng mga mas matatamis na kuwento na ibabahagi sa susunod na henerasyon.

Sapagkat sa huli, ang ating mga senior ang nagdala ng liwanag sa ating mga tahanan. Ang mga senior ang nagbigay ng gabay sa taong-bayan patungo sa tagumpay ng ating inaabot dito na Bagong Pilipinas.

Maraming, maraming salamat po at mabuhay po kayo ating mga senior citizens! [applause]

[00:10:36]

BAGONG PILIPINAS

***